Republic of the Philippines
**Department of Education**
**NATIONAL CAPITAL REGION**
**Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City**

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# FILIPINO GRADE 7

## MANAGEMENT AND DEVELOPMENT TEAM


**Pangkat sa Pagbuo ng Modyul:**

| | |
|---|---|
| Manunulat | : Nelia N. Amoy, MT I |
| Tagapaglapat | : Alma N. Dimapilis, MT 1 |
| Patnugot sa Nilalaman | : Museta DR Dantes, PSDS |
| | Liezl M. Evangelista, HT VI |

**Pangkat Tagapamahala:**

| | |
|---|---|
| Panrehiyong Direktor | : Malcolm S. Garma, Director IV |
| Tagapamahalang ng mga Paaralang Sagay | : Maria Magdalena M. Lim, CESO V |
| Tagapamuno ng CLMD | : Genia V. Santos |
| Tagapamuno ng CID | : Aida H. Rondilla |
| Panrehiyong Suprebisor (EPS- Learning Area) | : Gloria Tamayo, EPS |
| Panrehiyong Superbisor sa EPS-LR | : Dennis M. Mendoza |
| Pandibisyong Superbisor (EPS- Learning Area) | : Edwin Remo Mabilin |
| Pandibisyong Superbisor sa EPS-LR | : Lucky S. Carpio |
| Panrehiyong Biblyotekaryo | : Nancy M. Mabunga |
| PDO II | : Albert James P. Macaraeg |
| SDO, Pandibisyong Bibliyotekaryo II | : Lady Hannah C. Gillo |




**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.**

# Aralin 1

# Anaporik at Kataporik (Pananda ng Pangngalan)

## Inaasahan

Sa pagtatapos ng modyul na ito ikaw ay inaasahang:

Nagagamit ang wastong panandang anaporik at kataporik ng pangngalan

## Unang Pagsubok

**Panuto**: Basahin at unawain ang bahagi ng maikling kuwento. Isulat ang **TITIK** ng tamang sagot sa inyong kwaderno.

Matagal-tagal na ring nasa loob ng bahay si Melanio kaya naiinip na siya sapagkat simula nang lumaganap ang pandemya ay hindi na siya nakalabas ng bahay.Gusto na niyang makita ang mga kaibigan dahil nais na ni Melanio na makalaro ang mga ito. Subalit mahigpit ang kanyang nanay,hindi siya nito pinapayagang lumabas ng bahay.

1. Ang tawag sa salitang humahalili sa pangngalan ay______.
   A. pangngalan C. pandiwa
   B. panghalip D. pang-abay

2. Ang salitang panghalili sa pangngalang Melanio sa unang pangungusap ay______.
   A. siya C. nang
   B. kaya D. rin

3. Ang salitang may salungguhit sa ikalawang pangungusap ay pananda ng pangngalang_______.
   A. kaibigan C. Melanio
   B. nanay D. makalaro



Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

4. Ang panghalip na ginagamit sa hulihan ng pangungusap bilang pananda sa pangngalang tinutukoy sa unahan ng pangungusap ay tinatawag na _______.
   A. siya
   B. kataporik
   C. niya
   D. anaporik

5. Ang panghalip na ginagamit sa unahan ng pangungusap bilang pananda sa pangngalang tinutukoy sa hulihan ng pangungusap ay tinatawag na _______.
   A. siya
   B. kataporik
   C. niya
   D. anaporik

## Balik-tanaw

Sa bahaging ito, balikan naman natin ang iyong natutuhan tungkol sa sanaysay at mga pahayag na ginagamit sa paghihinuha ng mga pangyayari.

**Panuto:** Basahin at unawain ang teksto. Pagkatapos sagutin ang sumusunod na mga tanong. Isulat sa kwaderno ang sagot.

> Ang bakuna para sa covid-19 ay narito na sa Pilipinas. Kaugnay nito, marami pa rin ang usapin dito.
>
> Isa sa mga usapin ukol sa bakuna ay ang kaligtasan kung sakaling magpaturok nito. Nagkakaroon ng agam-agam ang ilan sa maaaring maging epekto ng bakuna lalo na at maraming mga nakapost sa *social media* na mga *video* na nagpapakita ng maaaring epekto nito. May ilan naman na natatakot dahil hindi pa rin nila nakalilimutan ang epekto ng bakunang Dengvaxia na sinasabing sanhi ng kamatayan ng ilang batang nabakunahan nito. Ang mga takot na ito ng ilan ay hindi makapipigil sa pamahalaan na patuloy na isulong ang paghanap ng tamang bakuna upang masolusyonan ang problemang ito.
>
> Sa kabila ng takot na ito ng ilang mga mamamayan, ang pamahalaan ay umaasa na makikipagtulungan pa rin ang mga tao upang maisakatuparan ang pagbabakuna para sa kaligtasan ng nakararami. Ang pagtatagumpay laban sa pandemyang ito ay mangyayari lamang kung ang bawat mamamayan ay magtitiwala sa pamahalaan.

1. Ang binasang teksto ay isang____________.
   A. balita
   B. katha
   C. sanaysay
   D. maikling Kuwento

2. Ang pangunahing kaisipan ay matatagpuan sa __________ talata
   A. unang
   B. huling
   C. gitnang
   D. buong



Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

3. Alin ang sinasabing narito na sa Pilipinas?
   A. Covid 19 C. Dengvaxia
   B. Bakuna D. Pandemya
   C.
4. Ang takot ng mga tao ay mahihinuhang nagsimula sa mga __________.
   A. bali-balita C. social media
   B. karanasan D. agam-agam

5. Mahihinuha sa huling talata na ang pamahalaan ay_________________.
   A. naghahanap ng solusyon sa problema
   B. kailangang umaksyon kontra-pandemya
   C. umaasa sa mamamayan para magtagumpay
   D. magtatagumpay kung pagtitiwalaan ng mga mamamayan

## Maikling Pagpapakilala ng Aralin

Alam na natin na ang panghalip ay bahagi ng panalita na humahalili o pumapalit sa pangngalan. Ngayon ay matututuhan mo naman sa araling ito ang gamit ng panghalip bilang pananda ng pangngalan sa loob ng pangungusap.

**Pagbasa ng akda**

**Gising…Melanio**
ni: Nelia N. Amoy

Matagal-tagal na ring nasa loob ng bahay si Melanio kaya naiinip na siya sapagkat simula nang lumaganap ang pandemya ay hindi na siya nakalabas ng bahay. Gusto na niyang makita ang mga kaibigan sapagkat nais na ni Melanio na makalaro ang mga kaibigan subalit mahigpit ang kanyang nanay. Hindi siya pinapayagan nito na lumabas ng bahay.

Nakakausap naman_niya ang mga kaibigan sa pamamagitan ng text o messenger subalit hindi ito nagiging sapat kay Melanio.

Minsan naisip niyang takasan ang kanyang nanay. Palihim siyang lumabas sa bahay. Naghanap siya ng “face mask” bago lumabas subalit wala siyang makita. Hindi na siya naghanap pa ng gagamiting “face mask”. Nagmamadali na siyang lumabas at tinahak ang daan patungo sa kabilang kalye kung saan nakatira ang kanyang kalaro at kaibigang si Isko.

Malungkot na nagbalik sa bahay si Melanio.

Kinagabihan, iba na ang nararamdaman ni Melanio, parang masakit na ang kanyang katawan, parang mainit na ang kanyang pakiramdam. Bigla, nakaramdam siya ng matinding takot. “Hindi kaya nahawahan ako ng covid sa aking paglabas?”, nag-aalalang naisip ni Melanio.

Sa isiping iyon, parang lalong hindi na siya makahinga. Parang ito ang mga palatandaan ng mga may covid. Ito ang patuloy niyang naiisip.


Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

"Ayaw ko pong magkaganito. Panginoon tulungan Mo po ako. Ahh…Ahhh…Nahihirapan na akong huminga. Nanay, tulungan mo po ako."

"Anak…Anak…, Melanio, ano nangyayari sa iyo? Gising, Melanio. Nananaginip ka."

Nanay… Nanay ko po. Salamat po at panaginip lang pala ang lahat. Ayaw ko pong magkacovid nanay kaya simula po ngayon susundin ko na po kayo. Hindi po ako lalabas ng bahay at gagawin ko po ang mga bagay na nakatutulong sa pag-iwas sa Covid.

## Mga Gawain

**Gawain 1: Pag-unawa sa Binasa**
**Panuto:** Piliin ang **TITIK** ng tamang sagot at isulat sa iyong kwaderno.

1. Nais ni Melanio na lumabas ng bahay sapagkat _________.
   A. nais na niyang makapaglaro sa labas ng bahay
   B. naiinip na siya sa loob ng bahay
   C. gusto niyang puntahan ang kaibigan
   D. hangad niyang takasan ang kanyang nanay

2. Bakit hinihigpitan si Melanio ng kanyang ina?
   A. Dahil ayaw siyang papaglaruin sa labas
   B. Para maingatan siya ng kanyang ina
   C. Sapagkat patuloy pa rin ang pandemya ng Covid
   D. Upang matutong sumunod sa panuntunan ang anak

3. Sa magkaibigang nabanggit, masasabing higit na masunurin si Isko sapagkat________________.
   A. Nasa loob lang siya ng bahay
   B. Hindi siya lumalabas ng bahay
   C. Sinusunod niya ang bilin ng kanyang nanay
   D. Hindi niya pinapasok si Melanio sa kanilang bahay

4. Bagama't panaginip lamang ang natunghayang pangyayari ni Melanio, inihahatid pa rin ng kuwento na______________.
   A. nararapat tayong sumunod upang makaiwas sa sakit.
   B. ang pagsusuot ng "face mask" ay mahalaga sa pag-iwas sa Covid.
   C. matuto tayong sumunod sa ating mga magulang
   D. pandemya'y maiiwasan kung laging susunod sa tagubilin

5. Bilang isang batang tulad ni Melanio, isa sa pinakatama mong gawin habang nananatili sa bahay ay_____.
   A. tumulong sa mga gawaing-bahay
   B. makipag-*chat* sa mga kaibigan upang may makausap


Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

C. gamitin ang social media para makapaglibang
D. kumain at palakasin ang katawan

**Gawain 2: Pagtukoy sa Panghalip**
**Panuto:** Sipiin sa kwaderno ang sumusunod na pangungusap. Salungguhitan ang panghalip at bilugan ang salitang humahalili rito.

1. Panginoon tulungan Mo po ako.
2. Ang bilin ng nanay ay huwag lumabas ng bahay kaya sinunod niya ito.
3. Matagal-tagal na ring nasa loob ng bahay si Melanio kaya naiinip na siya.
4. Nang makarating na siya sa bahay ni Isko, hindi siya nito pinapasok sa kanilang bahay
5. Nakakausap naman niya ang mga kaibigan sa pamamagitan ng *text* o *messenger* subalit hindi ito nagiging sapat kay Melanio.

**Gawain 3: Opinyon ko!**
**Panuto:** Ibigay ang iyong saloobin tungkol sa pahayag sa ibaba. Lapatan ito ng panghalip at salungguhitan sa pangungusap. Gawin ito sa kwaderno.

"Magkakaroon na ng bakuna kontra CoVid"

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

## Tandaan

Ang panghalip ay maaaring makita sa unahan ng hinahalilihang salita at kung minsan naman ito ay nasa unahan:

Halimbawa ng **Anaporik**: Nasa unahan ang hinahalilihang pangngalan at nasa hulihan ang panghalip

Ang pagsusuot ng (Face mask) ay mahalaga sapagkat **ito** ang pananggalang natin sa covid.

Mapapansing nasa unahan ang pangngalan at ang panghalip na **ito** na naging pananda ng pangngalang "face mask" ay nasa hulihan. Ang tawag sa panandang ito ng pangngalan ay **anaporik** . Kapag ang panghalip naman ay nasa unahan ng pangngalang hinahalilihan nito at tinatawag naman **kataporik.**

Halimbawa ng **kataporik:**

**Siya** ay palaging sumusunod sa mga bilin ng magulang kaya naman hindi napapahamak si (Honey)

## Pag-alam sa mga Natutuhan

**Gawain 1: Pagkilala sa Anaporik at Kataporik**

**Panuto:** Tukuyin kung anaporik o kataporik ang pananda sa mga pangngalang ginamit sa bawat pangungusap.

1. Magkatulong na inayos nina Melanio at Isko ang proyekto kaya sila ay nakapagpasa sa takdang oras.
2. Pinagsabihan si Chris ng kanyang ama upang hindi na niya ulitin ang pagkakamali.
3. Nagsisikap ang mga magulang ni Lorena upang siya ay makatapos sa pag-aaral.
4. Ang bakuna kontra *CoVid* ay mahalaga sapagkat ito ang sagot sa nararanasan nating problema sa pandemya.
5. Nakausap niya ang kaibigan at ipinangako kay Rita na darating ito sa oras na itinakda.

**Gawain 2: Dugtungan tayo!**

**Panuto:** Dugtungan ang sumusunod na mga kaisipan upang mabuo ang diwa. Gamitin ang mga panandang anaporik at kataporik ng pangngalan.

1. Magtatagumpay tayo kontra Covid sapagkat ____________________________
______________________________________________________________
2. Ang mga mamamayan ay natuwa ______________________________________
______________________________________________________________
3. Sila ay nakatapos sa pag-aaral ____________________________________
______________________________________________________________
4. Si Rose at Rowena ay nanguna sa paligsahan __________________________
______________________________________________________________
5. Nagtulong-tulong sila ___________________________________________
______________________________________________________________



Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

## Pangwakas na Pagsusulit

**Panuto**: Piliin kung Anaporik o Kataporik ang mga pananda ng pangngalang **naiitiman** sa pangungusap. Isulat sa kwaderno ang tamang sagot.

1. Ang pamahalaan ay patuloy na gumagawa ng paraan upang malutas ang problema sa Covid sapagkat alam **nito** na hangga't hindi ito nasusolusyonan patuloy na magiging mahirap sa mga mamamayan ang mamuhay nang normal.
2. Masayang kumain ang mga bisita sapagkat nakita **nilang** mabait ang may-ari ng bahay.
3. Nakita **niyang** umiiyak ang bata kaya inalo ito ni Rosauro.
4. **Ito** ang pamana ng ating mga bayani kaya kailangang alagaan natin ang ating kalayaan.
5. Ang *face–to- face* na paraan ng pag-aaral ay maaaring hindi pa maganap sa ngayon subalit **ito** ay kinasasabikan na ng mga mag-aaral na mangyari.

## Papel sa Replektibong Pagkatuto

**Panuto:** Magtala ng mga natutuhan sa aralin sa pamamaraang 3-2-1

3- Mahalagang konsepto na iyong natutuhan
2- Mahalagang salita na nalaman sa aralin
1- Mahalagang tanong na nais bigyan ng kasagutan

*Binabati kita! Natapos mo na ang iyong modyul! Huwag mong kalilimutan ang mga bagong kasanayang iyong natutuhan. Hanggang sa Muli!*

## Sanggunian

Wilma Mascariña-Resuma, Ph.D, Gramatikang Pedagohikal ng Wikang Filipino Komunikatibong Modelo

## Susi sa Pagwawasto

s

**Unang Pagsubok**

1. A
2. B
3. C
4. D
5. B

**Balik Tanaw**

1. C
2. A
3. B
4. B
5. D

**Mga Gawain**

**Gawain 1 Pag-unawa sa Binasa**

1. B
2. C
3. D
4. A
5. A

**Pag-alam sa Natutuhan**

**Gawain 1**

1. Anaporik
2. Anaporik
3. Anaporik
4. Anaporik
5. Kataporik

**Mga Gawain**

**Gawain 2**

1. Panginoon tulungan Mo po ako.
2. Ang bilin ng nanay ay huwag lumabas ng bahay kaya sinunod niya ito.
3. Matagal-tagal na ring nasa loob ng bahay si Melanio kaya nainip na siya.
4. Nang makarating na siya sa bahay ni Isko, hindi siya nito pinapasok sa kanilang bahay.
5. Nakakausap naman niya ang mga kaibigan sa pamamagitan ng text o messenger subalit hindi ito nagiging sapat kay Melanio.

**Mga Gawain**

**Gawain 3**

Ang kasagutan ay naaayon sa pananaw ng mag-aaral tungkol sa ibinigay na sitwasyon o/paksa.

**Pag-alam sa Natutuhan**

**Gawain 2**

Ang kasagutan ay batay sa idinugtong ng mga mag-aaral upang mabuo ang kaisipan

**Pangwakas na pagsusulit**

1. Anaporik
2. Anaporik
3. Kataporik
4. Anaporik
5. Kataporik



Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.